# Isang “Snapshot”

## Ano ang nasa loob


| | |
|---|---|
| Ang Inyong numero sa Social Security | 1 |
| Pagnanakaw sa Pagkakakilanlan (Identity Theft) | 2 |
| Tiyakin na ang inyong mga rekord ay wasto | 2 |
| Pagbabayad ng mga Buwis sa Social Security | 2 |
| Pagkikita ng mga “kredito” sa Social Security | 2 |
| Pag-uunawa sa mga benepisyo sa Social Security | 3 |
| Mga benepisyo sa Social Security | 3 |
| Pagretiro | 3 |
| Kapansanan | 3 |
| Mga Survivor | 4 |
| Medicare | 4 |
| Supplemental Security Income (SSI) | 4 |
| Kailan at kung paano dapat mag-apply para sa Social Security o SSI | 4 |
| Pakikipag-ugnayan sa Social Security | 5 |


Ang pamphlet na ito ay nagbibigay ng isang snapshot sa pinakamahalagang mga tampok sa Social Security, sa Supplemental Security Income (SSI) at mga programa ng Medicare. Makikita ninyo ang mga tiyak na impormasyon tungkol sa mga programang ito, kasama na ang aming mga lathala, sa pamamagitan ng pagbisita sa aming website sa ***www.socialsecurity.gov***.

## Ang Inyong numero sa Social Security

Binabatay namin ang mga benepisyong natatanggap ninyo mula sa mga Social Security sa mga inulat na kita ninyo ng inyong employer (o ninyo, kung may sarili kayong trabaho) gamit ang inyong numero sa Social Security. Kaya’t parating gamitin ang tamang numero sa Social Security, at tiyakin na ang pangalan na ginagamit ninyo sa trabaho ay

pareho sa pangalan na ipinapakita sa inyong Social Security na card. Kung baguhin ninyo ang inyong pangalan, kailangan rin ninyong baguhin ang pangalan ninyo sa inyong Social Security na card. Hindi naniningil ang Social Security sa serbisyong ito. Kailangan ninyong kumuha ng numero sa Social Security para sa inyong mga anak sa sandaling ipanganak ang mga ito. Kakailanganin ninyo ang kanilang mga numero para ma-claim ang mga ito bilang mga dependent sa inyong pederal na income t ax return.

## Pagnanakaw sa Pagkakakilanlan (Identity Theft)

Mag-ingat sa inyong Social Security na card at numero upang maiwasan ang pagnanakaw sa pagkakakilanlan (identity theft). Ipakita ang inyong card sa inyong employer kapag nagsimula na kayong magtrabaho para tama ang inyong mga rekord. Tapos, ilagay ito sa isang ligtas na lugar. Huwag parating dalhin ang inyong card.

## Tiyakin na ang inyong mga rekord ay wasto

Ang inyong pangalan at numero sa Social Security sa inyong Social Security na card ay **dapat** katugma sa mga rekord sa payroll ng inyong employer at sa W-2 form para ma-credit namin ang inyong mga kinita sa inyong rekord. Kung may pagkakamali sa inyong Social Security na card, makipag-ugnayan sa anumang tanggapan ng Social Security para maipatupad ang mga pagbabago. Tingnan kung tama ang inyong W-2 na form para tiyakin na ang rekord ng inyong employer ay tama at, kung hindi, ibigay sa inyong employer ang wastong impormasyon.

Maaari rin ninyong tiyaking wasto ang inyong rekord ng mga kinita sa inyong *Social Security Statement (Pahayag ng Social Security)*. Ang Statement ay handang makuha online sa mga manggagawang may edad na 18 taong gulang at mas matanda pa. Para ma-review ang inyong Statement, magpunta sa ***www.socialsecurity.gov/myaccount*** at gumawa ng isang *my* Social Security na account. Kung hindi kasama sa inyong Statement ang lahat ng inyong mga kinita o may iba pang pagkakamali, ibigay ang wastong impormasyon sa inyong employer at sa lokal na tanggapan ng Social Security.

## Pagbabayad ng mga Buwis sa Social Security

Kung kayo ay nagtatrabaho para sa ibang tao, itatabi ng inyong employer ang Social Security at Medicare na buwis mula sa inyong paycheck (suweldo) at ipapadala ang iyong mga buwis na iyons a Internal Revenue Service (IRS). Ipinapadala rin ng inyong employer sa IRS ang katumbas na halaga sa itinabi mula sa inyong paycheck. Inuulat rin ng inyong employer ang lahat ng inyong mga kinita sa Social Security.

Kung may sarili kayong trabaho, babayaran ninyo ang lahat ng inyong mga buwis sa SOcial Security at Medicare kapag nag-file kayo ng inyong tax return, at inuulat ng IRS ang inyong mga kinita sa Social Security. Kayo ay magbabayad ng halaga na katumbas sa pinagsamang hati ng empleyado at employer, ngnit ang mga ito ay mga espesyal na binabawas sa halaga sa income tax na makukuha ninyo na nag-o-offset (nag-aangkop) sa inyong mga buwis.

Hindi namin inilalagay sa isang espesyal na account para sa inyo ang mga buwis na binabayad ninyo sa Social Security at Medicare. Ginagamit ang mga ito para bayaran ang mga benepisyo para sa mga taong nakakatanggap ng mga benepisyo ngayon, tulad nang pagbabayad sa inyong mga panghinaharap na benepisyo ng mga panghinaharap na manggagawa.

## Pagkikita ng mga “kredito” sa Social Security

Habang kayo ay nagtatrabaho at binabayaran ang inyong mga buwis sa Social Security, kayo ay kumikita ng mga “kredito” na bibilangin patungo sa inyong pagiging karapat-dapat

*(kabila)*

para sa mga benepisyo sa Social Security (depende sa inyong mga kita, maaari kayong kumita ng hanggang apat na mga kredito kada taon). Ang karamihan sa mga tao ay kailangan ng 10 taon ng pagtatrabaho (40 mga kredito) para maging kuwalipikado sa mga benepisyo. Ang mas nakababatang mga tao ay kailangan ng mas kaunting mga kredito upang maging kuwalipikado para sa mga benepisyo sanhi ng kapansanan o para sa kanilang mga pamilya para maging kuwalipikado para sa mga benepisyo para sa survivor.

## Pag-uunawa sa mga benepisyo sa Social Security

Karaniwan, ang inyong mga benepisyo sa Social Security ay isang porsiyento ng inyong average na kinita sa habang buhay. Ang mga may mababang kita na manggagawa ay makakatanggap ng mas mataas na porsiyento sa kanilang average na panghabang buhay na mga kinita kaysa doon mga nasa mas mataas na kita na bracket. Ang isang manggagawa na may average na mga kinita ay makakaasa sa mga benepisyo sa pagreretiro na pumapalit sa halos 40 porsiyento ng kanilang average na mga kinita sa panghabang-buhay.

Ang Social Security ay hindi kailanman nilalayon na maging nag-iisang pinagkukuhanan ng kita kapag kayo ay nag-retire o nagkaroon ng kapansanan o sa nag-iisang pagkukuhanan ng kita ng inyong pamilya kapag kayo ay pumanaw na. Ang Social Security ay isang pandagdag sa inyong mga savings, mga investment, mga pension, at mga insurance plan.

## Mga benepisyo sa Social Security

Ang inyong Social Security ay nagbabayad para sa tatlong uri ng mga benepisyo: pagreretiro, kapansanan at mga survivor.

Kung kayo ay karapat-dapat para sa mga benepisyo sa pagretiro o kapansanan, ang iba pang mga miyembro ng inyong pamilya ay maaaring makatanggap rin ng mga benepisyo. Halimbawa, ang inyong asawa ay karapat-dapat kung sila ay may edad na kahit man lang 62 taong gulang. Ang inyong asawa ay karapat-dapat rin kung mas bata sa edad na 62 taong gulang at inaalagaan ang inyong anak na mas bata sa edad na 16 taong gulang (o 16 taong gulang at mas matanda pa pero may kapansanan) at may karapatan sa inyong rekord. Ang inyong mga anak na hindi pa kasal ay karapat-dapat rin kung sila ay mas bata sa edad na 18 taong gulang, edad na 18 - 19 at pumapasok sa elementary o high school ng full-time, o 18 taong gulang o mas matanda na may kapansanan. Kung kayo ay diborsyado/a, ang inyong dating asawa ay maaaring karapat-dapat para sa mga benepisyo sa inyong rekord.

## Pagretiro

Kami ay nagbabayad ng mga benepisyo kapag kayo ay naka-abot sa ganap na edad para sa pagreretiro (na may mga bawas na benepisyong handang makuha kahit kasing aga pa lang ng edad na 62 taong gulang) kung sapat na kayong nakapagtrabaho. Kung ipinanganak noong 1944 o mas maaga pa, kayo ay karapat-dapat para sa inyong ganap na benepisyo sa Social Security sa edad na 65 taong gulang. Kung ipinanganak mula 1945 hanggang 1954, ang inyong ganap na edad sa pagreretiro ay 66. Ang ganap na edad sa pagreretiro ay dahan-dahan na tataas hangga't umabot ito sa 67 taong gulang para sa mga taong ipinanganak mula 1955 hanggang 1960. Ang ganap na edad sa pagreretiro ay 67 taong gulang para sa sinumang ipinanganak makalipas ang 1960. Kung naantala ang inyong pagreretiro na higit pa sa edad na pagreretiro, makakatanggap kayo ng espesyal na kredito para sa bawat buwan na hindi kayo nakakuha ng mga benepisyo hanggang sa edad na 70 taong gulang. Kung piliin ninyong ipaantala ang inyong pagreretiro ng lampas sa edad na 65 taong gulang, kailangan kayong mag-file para sa Medicare ng tatlong buwan bago sumapit ang inyong ika-65 taong gulang na kaarawan.



*(kabila)*

## Kapansanan

Makakatanggap kayo ng mga benepisyo sanhi ng kapansanan kung sapat kayong nakapagtrabaho para makaipon ng sapat na mga kredito at kung kayo ay may malubhang pisikal o pangkaisipang kondisyon na humahadlang sa inyo na makapagtrabaho ng kahit man lang isang taon, o kung kayo ay may kapansanan na nakakamatay. Ang pagpoproseso ng mga claim sa kapansanan ay maaaring tuamgal ng ilang mga buwan, kaya't huwag maghintay hanggang wala na kayong trabaho ng isang taon para makapag-apply para sa mga benepisyo.

## Mga Survivor

Kung kayo ay naunang pumanaw kaysa sa mga miyembro ng inyong pamilya, ang ilan sa inyong mga survivor ay maaaring maging karapat-dapat para sa mga benepisyo. Kabilang dito ang mga biyudo, biyuda (at diborsyado na mga biyudo at biyuda), mga bata at mga dependent na magulang.

## Medicare

Ang mga benepisyo sa health care ay pumapailalim sa apat na bahagi ng Medicare. Ang mga binabayaran ninyong buwis sa Medicare sa mga taon na kayo ay nagtrabaho ay nagpopondo sa Part A ng Medicare (insurance sa ospital) na nakakatulong na bayaran ang mga pamamalagi sa ospital ng inpatient, skilled nursing care, at iba pang mga serbisyo. Karaniwan, kayo ay nagbabayad ng mga premium para sa iba pang tatlong mga parte ng Medicare. Ang Medicare Part B (medikal na insurance) ay nakakatulong na bayaran ang mga singilin ng mga doktor, mga pagbisita sa ospital ng outpatient, at iba pang mga medikal na serbisyo at mga supply. Ang Medicare Part B (Medicare Advantage na mga plano) ay nagpapahintulot sa mga taong may mga Part A at B para makuha ang lahat ng kanilang mga serbisyo para sa pangangalaga ng kalusugan sa pamamagitan ng isang organization sa tagapagkaloob ng serbisyo (provider). Ang Medicare Part D (Medicare na sakop para sa pagrereseta ng gamot) ay nakakatulong na sakupin ang gastusin sa mga iniresetang gamot.

***TALA:*** *Kailangan ninyong mag-sign up para sa Medicare kahit na wala kayong plano na magretiro sa edad na 65 taong gulang. Kung hindi kayo mag-enroll sa Part B at Part D nang kayo ay unang naging karapat-dapat, maaaring kailanganin ninyong magbayad ng multa basta't mayroon kayong Part B at Part D na coverage. At, maaaring kailangan ninyong maghintay na mag-enroll, na maaaring magpaantala sa coverage.*

## Supplemental Security Income (SSI)

Para makakuha ng mga benepisyo sa SSI, kailangan ay 65 taong gulang kayo o mas matanda, o bulag, o may kapansanan. Kailangan rin na mababa ang kita ninyo at may kaunting mga mapagkukuhanan ng mga kita para makakuha ng mga buwanang bayad. Ang parehong mga bata at adulto ay maaaring kuwalipikado para sa mga benepisyo ng SSI para sa may kapansanan.

Ang buwanang halaga na matatanggap ninyo ay depende sa inyong kita, mga pinagkukuhanan ng kita, at kung saan kayo nakatira. Ang pederal na gobyerno ay nagbabayad sa basic na benepisyo, at ang ilang mga estado ay nagdadagdag ng mas maraming pera sa pederal na benepisyo. Siguraduhin sa inyong lokal na tanggapan ng Social Security para sa halaga ng bayad ng SSI sa inyong estado. Ang ilang mga taong nakakatanggap ng SSI ay maaaring kuwalipikado rin para sa Medicaid, ang Supplemental Nutrition Assistance Program (SNAP), at iba pang uri ng tulong.

Maaari rin kayong makatanggap ng mga benepisyo ng SSI kung hindi kayo nagtrabaho. Mga karaniwang kita mula sa buwis, hindi ang mga buwis na mula sa Social Security, ay nagpopondo sa SSI.

*(kabila)*

## Kailan at kung paano dapat mag-apply para sa Social Security o SSI

Kailangan ninyong mag-apply para sa mga benepisyo sa pagreretiro ng halos tatlong buwan bago ang petsa na nais ninyong magsimula ang inyong mga benepisyo. Kung hindi kayo handang magretiro, ngunit iniisip na mag-apply di lumaon, kailangan ninyong magpunta sa website ng Social Security. Kung sapat na ang inyong mga kredito sa Social Security para maging kuwalipikadong makakuha ng mga benepisyo, maaari ninyong gamitin ang aming online na *Retirement Estimator* sa ***www.socialsecurity.gov/estimator***. Ang *Retirement Estimator* ay isang kombenyente, ligtas, at madaling tool para sa pagpaplano sa pananalapi na nagpapahintulot sa inyong magawa ang inyong pinasadyang "paano kung" na mga posibleng mangyari. Kung wala kayong mga sapat na kredito para maging kuwalipikado para sa mga benepisyo, mayroon kaming ibang mga calculator ng benepisyo sa ***www.socialsecurity.gov/planners***. Maaari rin kayong mag-apply para sa mga benepisyo sa pagreretiro o mga kapansanan online sa ***www.socialsecurity.gov***.

Nararapat kayong mag-apply para sa mga benepisyo sanhi ng kapansanan ng Social Security o SSI kung masyado nang malala ang inyong kapansanan para makapagtrabaho. Sa karamihang mga kaso, maaari ninyong makumpleto ang karamihan o lahat ng inyong mga application para sa kapansanan sa aming website. Kung ang kumikita ng pamilya ay pumanaw, kailangan ninyong makipag-ugnayan sa amin upang makita kung kayo at ang iba pang miyembro ng pamilya ay karapat-dapat para sa mga benepisyo.

Kapag kayo ay nag-apply para sa mga benepisyo, kailangan pa rin ninyong magpakita ng mga dokumento na nagpapatunay na kayo ay karapat-dapat. Kailangan ninyo ng birth certificate para sa bawat miyembro ng pamilya na nag-a-apply para sa mga benepisyo, isang marriage certificate kung ang inyong asawa ay nag-a-apply, at ang inyong pinakahuling W-2 na form (o tax return kung may sariling trabaho).

## Pakikipag-ugnayan sa Social Security

May iba't ibang paraan para makipag-ugnayan sa Social Security, kabilang na ang online, sa pamamagitan ng telepono, at nang personal. Naririto kami para sagutin ang inyong mga katanungan at upang mapaglingkuran kayo. Higit na sa 80 taon, ang Social Security ay nakatulong na mapanatag ang kabuhayan ngayon at para sa kinabukasan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga benepisyo at pinansiyal na proteksyon para sa milyon-milyong mga katao para sa kanilang pamumuhay.

### Bumisita sa aming website

Ang pinakamadaling paraan na makipag-ugnayan sa Social Security mula saanmang lugar kahit kailan, ay bumisita sa ***www.socialsecurity.gov***. Doon, maaari kayong:

- Lumikha ng isang my Social Security account para mabalikan ang inyong *Social Security Statement*, patotohanan ang inyong mga kinita, mag-print ng isang benefit verification lettert (liham ng pagpapatotoo ng benepisyo), baguhin ang inyong impormasyon para sa direktang pagde-deposito, humiling ng isang pamalit na Medicare card, kumuha ng kapalit na SSA-1099/1042S, at marami pang iba;
- Mag-apply para sa Extra Help (Karagdagang Tulong) gamit ang mga gastusin sa plano ng Medicare para sa inireresetang gamot;
- Mag-apply para sa retirement, kapansanan at mga benepisyo sa Medicare;
- Maghanap ng mga kopya ng aming mga inilathala;
- Makuha ang mga sagot sa mga madalas a katanungan; at
- Marami pang iba!

*(kabila)*

Ang ilang sa mga serbisyong ito ay makukuha lang sa wikang Ingles. Bumisita sa aming Multilanguage Gateway para sa impormasyon sa wikang Tagalog. Kami ay nagkakaloob ng libreng serbisyo ng interpreter para tulungan kayo sa pagsasagawa ng inyong dapat gawin sa Social Security. Ang mga serbisyo ng interpreter ay handang magamit kung kayo ay makikipag-usap sa amin sa telepono o sa tanggapan ng Social Security.

## Tumawag sa amin

Kung wala kayong access sa internet, kami ay naghahandog ng maraming mga automated na serbisyo sa pamamagitan ng telepono, 24 oras, 7 araw sa isang linggo. Tumawag sa amin sa walang bayad na toll sa **1-800-772-1213** o sa aming TTY na numero, **1-800-325-0778**, kung kayo ay hindi nakakarinig o nahihirapan makarinig.

Kung kailangan ninyong makipag-usap sa isang tao, masasagot namin ang inyong mga tawag mula 7 a.m. hanggang 7 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Humihingi kami ng kaunting pasensya sa mga panahon na napakaraming ginagawa dahil maaari kayong makaranas ng higit sa karaniwang dalas na pagka-busy ng telepono at mas matatagal na panahon ng paghihintay sa tawag para makausap kami. Inaasahan namin na makapaglingkod sa inyo.

Securing today
and tomorrow

**Social Security Administration**
Publication No. 05-10006-TL | July 2017
Isang “Snapshot”
A “Snapshot” (Tagalog)
Produced and published at U.S. taxpayer expense
Ang nagbabayad ng buwis sa U.S. ang nagbayad para sa paglikha at paglathala nito